Ahensya ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao-Estado ng California
(State of California-Health and Human Services Agency)
**KAGAWARAN NG MGA SERBISYO AT KAUNLARANG PANGKOMUNIDAD**
**(DEPARTMENT OF COMMUNITY SERVICES AND DEVELOPMENT)**
**2389 Gateway Oaks Drive, Suite 100, Sacramento, CA 95833**
**Telepono: (916) 576-7109 | Fax: (916) 263-1406**
www.csd.ca.gov

**JASON WIMBLEY**
**GUMAGANAP NA DIREKTOR**

**GAVIN NEWSOM**
**GUBERNADOR**

# Programang Tulong para sa Sambahayang Maliit ang Kita
# (Low Income Household Water Assistance Program o LIHWAP)
# Pantulong na Benepisyo - Mga Madalas Itanong

Lumipas na ang deadline ng programang pederal para sa aplikasyon sa tulong sa bayarin sa tubig at kanal sa ilalim ng Programang Tulong para sa Sambahayang Maliit ang Kita (Low Income Household Water Assistance Program o LIHWAP) at hindi na tumatanggap ng mga aplikasyon ang programa. Ipinamamahagi ng Kagawaran ng mga Serbisyo at Kaunlarang Pangkomunidad (Department of Community Services and Development o CSD) ng California ang mga natitirang pondong tulong sa tubig ng LIHWAP para magbigay ng "pantulong na benepisyo" sa mga benepisyaryong kwalipikado at naserbisyuhan na sa nakaraan.

## Mga Madalas Itanong

**Q:** Ano ang Programang Tulong para sa Sambahayang Maliit ang Kita (Low Income Household Water Assistance Program o LIHWAP)?
**A:** Ang LIHWAP ay programa sa limitadong panahon at pinopondohan ng pederal na gobyerno na naghahain ng tulong para makabayad ang mga sambahayang maliit ang kita ng mga bayarin sa tubig at kanal at para mapamahalaan ang kanilang mga gastusin sa utilidad sa bahay. Para sa pangkalahatang impormasyon, bisitahin ang page ng Programang Tulong para sa Sambahayang Maliit ang Kita (Low Income Household Water Assistance Program).

**Q:** Ano ang pantulong na benepisyo ng LIHWAP?
**A:** Ang pantulong na benepisyo ng LIHWAP ay karagdagan at minsanang tulong pinansyal para sa mga sambahayan na dati nang nakapag-apply at nakatanggap ng benepisyo ng LIHWAP. Awtomatikong ilalapat ang pantulong na benepisyo ng LIHWAP sa bayarin sa utilidad na tubig at kanal ng sambahayan.

**Q:** Kailangan ko bang mag-apply para sa pantulong na benepisyo?
**A:** Hindi. HINDI kailangang mag-apply ang mga customer para sa pantulong na benepisyo ng LIHWAP. Kung kwalipikado ka, awtomatikong ipapadala ang benepisyo sa iyong utilidad na tubig at kanal para mailapat sa iyong bayarin sa utilidad.

**Q:** Kwalipikado ba ang aking bahay para makatanggap ng pantulong na benepisyo?
**A:** Kwalipikado ang isang bahay na makatanggap ng pantulong na benepisyo ng LIHWAP kung nakatanggap ito ng benepisyo ng LIHWAP sa panahon ng aplikasyon sa programa (Hunyo 2022 – Marso 2024).
*Hindi kwalipikado sa benepisyo ang isang bahay kung:*

- Binabayaran ng bahay ang (mga) bayarin sa tubig at kanal bilang bahagi ng kanilang renta. (Sa ilalim ng mga tuntunin ng programang pederal, dapat magsumite ang landlord ng kasunduan para sa mga nangungupahan na ang bayarin sa utilidad ay kasama sa kanilang binabayarang renta nang sa gayon ay maging kwalipikado ang nangungupahan para sa benepisyo ng LIHWAP. Dahil sa pagkakapasa ng programang LIHWAP at sa deadline ng aplikasyon, hindi na posibleng pangasiwaan at ipatupad ang mga kasunduan sa LIHWAP ng landlord at ang aplikasyon sa mga pantulong na benepisyo para sa mga pagbabayad ng renta ng mga nangungupahan sa hinaharap.)
- Hindi nag-renew ang utilidad na tubig at kanal ng bahay ng kanilang kasunduan sa tuwirang pagbabayad (kontrata) sa LIHWAP sa Estado ng California.
- Inilipat ng bahay ang kanilang utilidad na tubig at kanal mula nang matanggap ang kanilang unang benepisyo ng LIHWAP.

**Q:** Paano ko malalaman kung makakatanggap ako ng pantulong na benepisyo?
**A:** Kung kwalipikado ka para sa pantulong na benepisyo ng LIHWAP, makakatanggap ka ng liham ng abiso mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo at Kaunlarang Pangkomunidad (Department of Community Services and Development o CSD) ng California sa Mayo 2024 na nagdedetalye ng benepisyo. Mailalapat ang pantulong na benepisyo sa iyong account sa utilidad sa parehong paraan ng paglalapat sa unang benepisyo ng LIHWAP sa iyong account.

**Q:** Magkano ang matatanggap kong pantulong na benepisyo ng LIHWAP?
**A:** Nagkakahalaga ang benepisyo ng $198.23 para sa lahat ng kwalipikadong sambahayan.

**Q:** Paano natukoy ang halaga ng pantulong na benepisyo ng LIHWAP?
**A:** Lumipas na ang deadline ng aplikasyon sa programang pederal para sa benepisyo ng LIHWAP. Sa pamamahagi ng programang LIHWAP ng natitirang pondong tulong nito sa tubig, nakapirmi ang pantulong na benepisyo para sa mga benepisyaryo ng LIHWAP na kwalipikado at naserbisyuhan na sa nakaraan. Nakatakdang makatanggap ang lahat ng kwalipikadong sambahayan ng pare-parehong halaga ng pantulong na benepisyo.

**Q:** Kailan ko matatanggap ang pantulong na benepisyo?
**A:** Maiisyu ang mga pantulong na benepisyo ng LIHWAP sa Mayo 2024. Tatagal ng isa hanggang dalawang billing cyle bago lumabas ang halaga ng benepisyo sa bayarin o account ng kwalipikadong bahay. Kung sa palagay mo ay kwalipikadong customer ka at hindi nailapat ang pangalawang benepisyo sa iyong account sa utilidad sa loob ng 45 araw na dapat matanggap ang liham ng abiso sa benepisyo mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo at Kaunlarang Pangkomunidad (Department of Community Services and Development o CSD) ng California, makipag-ugnayan sa iyong utilidad sa tubig.

**Q:** Paano kung mas malaki ang pantulong na benepisyo sa kasalukuyan kong balanse sa bayarin sa tubig at kanal?
**A:** Sa karamihan ng mga kalagayan, kung mas malaki ang pantulong na benepisyo ng LIHWAP sa kasalukuyan mong bayarin sa tubig at kanal, mailalapat ang labis na halaga sa iyong account. Gayunpaman, sa mga kalagayang hindi naglalapat ng labis na halaga ang utilidad sa tubig, ibabawas lamang sa iyong account ang balanse mo kapag natanggap na ang benepisyo.

**Q:** Paano kung sarado ang aking account sa utilidad?
**A:** Kung sarado ang iyong account at wala itong laman, hindi mailalapat sa iyong account ang pantulong na benepisyo ng LIHWAP. Kung sarado ang iyong account at may natitira kang balanse, mababayaran ang natitirang balanse (hanggang sa halaga ng pantulong na benepisyo).

**Q:** Ilang beses akong puwedeng makatanggap ng pantulong na benepisyo?
**A:** Ang pantulong na benepisyo ng LIHWAP ay *minsanang* pantulong na halaga. Ang deadline ng aplikasyon sa programang pederal para sa benepisyo ng LIHWAP ay noong Marso 31, 2024. Ang pantulong na benepisyong ito ay karagdagan sa iyong orihinal na benepisyo ng LIHWAP.

**Q:** Bakit hindi ako kwalipikado para sa pantulong na benepisyo kung nagbabayad ako ng bayarin sa tubig at kanal bilang bahagi ng aking renta?
**A:** Ang deadline ng programa ng at aplikasyon sa LIHWAP ay noong Marso 31, 2024. Sa ilalim ng mga pederal na requirement ng LIHWAP, dapat magsumite ang mga landlord ng kasunduan para sa mga nangungupahan na ang bayarin sa utilidad ay kasama sa kanilang binabayarang renta nang sa gayon ay maging kwalipikado ang mga nangungupahan para sa benepisyo. Dahil sa deadline ng programa, hindi na posibleng pangasiwaan at ipatupad ang mga kasunduan sa LIHWAP ng landlord at ang aplikasyon sa mga pantulong na benepisyo para sa mga pagbabayad ng renta ng mga nangungupahan sa hinaharap. Bilang resulta, hindi kwalipikado para sa pantulong na benepisyo ang mga nangungupahan na ang bayarin sa tubig at kanal ay kasama sa kanilang renta.

**Q:** Sino ang puwede kong makaugnayan kung may mga tanong ako tungkol sa pantulong na benepisyo ng LIHWAP?
**A:** Kung sa palagay mo ay kwalipikadong customer ka at hindi nailapat ang pangalawang benepisyo sa iyong account sa utilidad sa loob ng 45 araw na dapat matanggap ang liham ng abiso sa benepisyo mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo at Kaunlarang Pangkomunidad (Department of Community Services and Development o CSD) ng California, makipag-ugnayan sa iyong utilidad sa tubig. Para sa iba pang katanungan, makipag-ugnayan sa Call Center para sa Customer ng Kagawaran ng mga Serbisyo at Kaunlarang Pangkomunidad (Department of Community Services and Development o CSD) (Toll-Free) sa 866-675-6623. ***Huwag*** *makipag-ugnayan sa iyong lokal na provider ng serbisyo ng LIHWAP kaugnay ng mga pantulong na benepisyo.*